

Nangangailangan ng pokus ang mga paglihis sa proseso

Marso 2024



Ano ang nangyari – biglang gumana nang mali-mali ang isang proseso at tumigil. Maaaring ito ay isang pagkasira ng instrumento, ngunit ano ba talaga ang naging sanhi ng pagkabigo?

Sa hindi planadong pagtigil, ang pokus ay maaaring i-restart ang operasyon. Ang presyon na maibalik agad ang proseso sa operasyon maaaring hindi payagan ang masusing pag-troubleshoot. Ang mabilis na solusyon ay ang 'gawin kung ano ang nakaayos nito nuong huling beses'. Iyan ay maaaring humantong sa iba pang mga problema.

Gayundin, ang normal na operasyon ay naantala. Maaaring may mga dagdag na tao sa kontrol room upang tumulong sa pag-restart. Maaaring magtatanong ang mga tao sa pagpapanatili upang matukoy ang pagkakasunud-sunod ng mga kaganapan na humantong sa pagtigil. Maaaring makatanggap ang mga tauhan sa linya ng maraming kahilingan para sa mga datos o ayos ng kagamitan.

Ang pagsisikap na lutasin ang problema at maibalik sa operasyon ay narapat ang dagdag na oras upang isaalang-alang ang mga alalahanin sa kaligtasan. Maaaring nagbago ang proseso dati at habang nakatigil; maaaring matukoy ng isang pagsusuri ang mga potensyal na mapanganib na sitwasyon na kailangang tugunan sa panahon ng pag-troubleshoot at muling ibalik ang operasyon.

Alam Mo Ba?

- Karamihan sa mga proseso ay may mga gabay sa pag-troubleshoot upang matukoy ang sanhi ng pagkabalisa at magbigay ng mga solusyon upang ayusin ito.
- Dapat ding tugunan ng Mga Tagubilin sa Pag-troubleshoot kung paano ligtas na masuri ang (mga) kabiguan at bigyang-diin ang pagiging ligtas habang tinutugunan ang problema.
- Ang emerhensiyang pagtigil at normal na pamamaraan ng pagtigil ay maaaring magresulta sa iba't ibang mga pamamaraan ng pagpapatakbo ng proseso. Ang kondisyon ng kagamitan at mga posisyon ng balbula ay maaaring hindi pareho pagkatapos ihinto ang proseso.
- Ang isang proseso na itinigil para sa anumang kadahilanan ay nangangailangan ng Pagsusuri sa Kahandaan sa Pagpapatakbo, na mas malawak kaysa sa Pre-Startup Safety Review (PSSR).
- Maaaring may iba't ibang pamamaraan ang mga kumpanya para sa muling pagsisimula ng proseso pagkatapos ng emerhensiyang pagtigil at normal na pagtigil.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Unawain kung paano gumagana ang mga sistema ng kontrol at ang ligtas na operasyong saklaw ng proseso at kung ano ang mga punto para matigil ang proseso.
- Alamin kung paano mabilis na makuha ang Mga Tagubilin sa Pag-troubleshoot para sa iyong mga proseso. Paminsan-minsan, suriin ang mga tagubiling ito at ang mga hakbang upang masuri ang mga pagkagambala sa proseso.
- Tugunan ang lahat ng posibleng dahilan at kahihinatnan ng mga pagkabigo sa proseso sa panahon ng mga pagsusuri sa mga panganib. Ang ilang mga paglihis ay maaaring higit pa sa isang problema sa kalidad; maaari silang maging isang hindi ligtas na sitwasyon.
- Sundin ang gabay sa pagiging handa sa pagpapatakbo at beripikahin na ang lahat ng mga bahagi ay nasa tamang posisyon BAGO magsimula.

Ang mga paglihis sa proseso ay panahon upang huminahon at mag-isip!